We do not believe that giving the bureaucracy all the leeway to change the norms that we are following strictly will lead to efficiency. On the other hand, it will cause more corruption in government. Having said that, I would like to, again, reiterate, wala dito sa measure na ito na humaharap doon sa mga binanggit ko sa inyo na katotohanan sa lansangan, na sa katotohanan ay ang nangyayari. Hindi po ito mga kataga, hyperbolic philosophical words, which do not really genuinely address the problem. Ang sabi ninyo ay magki-create ng tanggapan at sila ngayon ang mag-aaral nito. Magki-create pa ng tanggapan pero ang dami na pong mga tanggapan sa ngayon magmula po sa national, provincial, regional. Sa Metro Manila, nandiyan po ang MMDA. Sa local government, andiyan po ito pero

may barangay pa tayo na hindi nagtatrabaho kaya iyon ang nagiging sanhi ng problema. Dina-justify pa ninyo ngayon na ang mga terminal ay legally situated. I challenge the Gentleman to prove that, and I will prove otherwise that they are illegally situated.

I cannot agree that Buendia was widened by the government, niluwagan ito, upang ibigay iyong kalahati sa mga bus companies. Iyon po ba ay ligal? Are you trying to defend that kind of abuse of authority which is causing the traffic mess from Makati up to the Mall of Asia? Gagapang kayo mula doon sapagkat ang mga bus ay naghambalang sa Buendia at ginagamit po ang kalahati ng Buendia na niluwagan ng gobyerno. Gumamit ng biyon-bilyong salapi ang bayan upang ibigay sa mga bus companies, and you just mentioned that this is within the bounds of law. Kaya pala naman hindi gumagalaw ang mga iligal na ito sapagkat sa tingin ninyo, ligal ito. Sa tingin po ng mga mamamayan at pangkaraniwang abogado, sa palagay ko ay tutugusin nila ang mga iyan na hindi po ligal ang ginagawa nila.

REP. SARMIENTO (C.). Well, sa pananaw po ninyo po, na iyong mga terminals po along Buendia and EDSA are illegal, but I beg to disagree because the authority to issue, to put up a terminal, is lodged with the LTFRB. I am sure these terminals, while we may perceive that these are the major contributors to traffic but still, they have the authority from the LTFRB. So, the policy as regards the existence of the terminals is just to mitigate the problem of traffic by the so-called “Nose-in, Nose-out” policy, and the presence of these terminals along EDSA are covered by authority coming from LTFRB.

REP. ATIENZA. Mr. Speaker, is the Gentleman saying, again, that the one responsible and should be made accountable is the LTFRB on the illegal—uulitin ko po—illegal bus terminals using our avenues? You are saying that it is the LTFRB that we should be looking at? Pakiulit nga po iyong sinabi ninyo, na sinabi ninyo the LTFRB should be made to answer. Tama po ba iyon?

REP. SARMIENTO (C.). Well, ayon sa ating existing laws and regulations as regards the operations of public utility vehicles, wherein bus companies or transport companies are required to put up a terminal concomitant to the authority to operate a transport business, the putting up of a terminal, ang nagbibigay po ng authority diyari is no other than the LTFRB. The transport or bus company would then be required, under the LGUs, to secure a business permit from the concerned LGU, but the authority to put up a terminal is lodged with the LTFRB.

REP. ATIENZA. Sino po iyon?

REP. SARMIENTO (C.). LTFRB.

REP. ATIENZA. Uulitin ko, Mr. Speaker, I disagree with him 100 percent. Ang terminal na itatayo dahil po sa local government unit na pumapayag, hindi po LTFRB iyan. Ang LTFRB ang nagbibigay ng lisensiya sa pag-o-operate ng bus, sa pagbibigay ng linya, pero iyong pagpapatayo ng terminal, sa local government unit po galing iyan. Kaya kung tatawagan nang pansin ng gobyerno ang mga kinauukulan, hindi ito sa pamamagitan ng bagong batas kung hindi sa pagganap ng tungkulin nila, ay mababawasan ng malaki ang ating problemang pinag-uusapan.

Isa pong isyu na gusto ko ring talakayin, iyon po bang paglalagay ng gate sa mga barangay ay ligal sa inyong pananaw?

REP. SARMIENTO (C.). Gate po?

REP. ATIENZA. Sa mga lansangan ng bayan.

REP. SARMIENTO (C.). Ang authority po niyan, under the Local Government Code, the power to open or to close would be vested sa sangguniang bayan or sangguniang panlungsod.

REP. ATIENZA. Mr. Speaker, the Gentleman is way off the direction of the law. Wala pong batas na nagsasabing pwedeng sarahan ang isang kalye, lansangan, na ginagamit ng bayan. Wala po. Even the City Council would be illegally using their powers—these can be abused—would be abusing their authority if they allow the closing of certain streets for the private use of the private residents.

Ang tinutukoy ko po ay mga dahilan kaya bakit mayroon tayong problema. Kapag kayo ay galing po sa Makati, tatawid kayo at pupunta kayo ng Maynila, hindi kayo makakadaan sa alternative route dahil punong-puno ng kabulukan. Doon po naman sa main avenues, sa Kamagong at doon sa extension ng Vito Cruz, mayroon po namang dapat madaanang mga side streets pero hindi na po madadaan sapagkat may gate; they are now gated communities. Sa Maynila, pumasok po kayo sa Sampaloc, pumasok kayo sa San Andres Bukid, ganoon na rin po, naglagay din po ng gate ang mga barangay. Parang hindi nakikita po ito ng gobyerno.

Tayo naman, buhol-buhol na tayo sa traffic pero wala tayong kibo, at ngayon ay magbibigay tayo ng panukala na bibigyan na natin ng emergency powers ang mga iyan para ma-solve ang problema. Tingnan muna natin, isa-isahin natin itong mga binanggit ko, at aksyunan natin. Ilagay natin sa tama ang kalagayan ng ating mga lansangan. Dadaan kayo sa mga vehicular underpass, kung minsan ay maliwanag, maayos at tuloy-tuloy ang daloy ng traffic pero madalas, ito madilim na naman. Bakit? Walang maintenance. Sino

ang nagkukulang? Nagkukulang po ang gobyerno, ang DPWH, ang local government unit. Hindi po natin ginagawa ang tama.

Alam ninyo, Mr. Speaker, umikot kayo sa Metro Manila at lahat nitong mga binanggit ko ay mapapansin ninyo—lahat katotohanan—na ngayon ay parang hindi nakikita ng ating Kagalang-galang na Sponsor nitong ating emergency measure. Ang sa amin po, bigyan natin ng aksyon iyong mga dapat aksyunan. Ituwid natin ang mga baluktot na pamamaraan. Linisin natin ang hanay ng korapsyon sa mga may hawak ng kapangyarihan at kung kulang pa ho, at saka tayo mag-isip ng mga iba't ibang paraan. Your noble ways of procurement and your noble ways of government in using people's money, at saka natin pag-usapan iyan; pero sa ngayon, nagpatong-patong po ang mga problemang ginagawa ng mga nag-aabuso, ay bibigyan pa natin ng kapangyarihan iyong mga nag-aabuso. Sa palagay ko ay mananagot tayo sa bayan diyan, sasabihin nila na kung hindi natin pinag-usapan ito ngayon at tayo ay bumoto na lamang, tayo naman ang hindi tumupad sa aming tungkulin.

So, Mr. Speaker, we point out all of these matters today in the halls of Congress when we are in the eve of approving a measure that, to us, will not solve the traffic problem of Metro Manila, urban Cebu or urban Davao. The use of emergency powers and other modes of procurement should be reserved for those who have tried every bit and space of the law. We have enough laws in the country. We have enough ordinances in Metro Manila. All we need is the correct enforcement of all of these laws that are now in place.

To add one more law, one big law to add one more bureaucracy, the super body that the Gentleman is ambitioning, centralizing everything will not solve the problem. The centralization of power breeds more corruption. Decentralization is the rule of the day. We have to decentralize and in governing the different communities, the Constitution of the Philippines provided for this when they created the barangays in our democratic system. To allow them to abuse their powers is something else and again, I appeal to the Gentleman, maghunos dili kayo. Huwag kayong humingi ng pakikiisa, pakikisama at pagkakaisa kung ang hinihingi ninyo ay pabayaang na lamang ang lahat ng kabuktutan sa mga lansangan at bigyan ng kapangyarihan ang mga namumuno.

It will not solve the problem, it will aggravate the situation. It could even come to a point where we will all suffer the consequences of the impact of this law. So, where there is time, I appeal to all of my colleagues, pag-aralan nating mabuti ito. Hindi ganoong kasimple ito. Hindi si Pangulong Duterte ang binibigyan lamang ng paraan dito na magamit ang kanyang kapangyarihan sa kanyang malinis na hangarin.

Ang marami pong gagamit nitong batas ay iyong mga nag-aabuso sa kapangyarihan ngayon na nakapuwesto

sa iba't ibang sangay ng pamahalaan. From the barangays to the local government units, provincial and the regional governments, the officials will only hide behind this law which will justify not only their incompetence but their abusive and corrupt practices.

I read the report of the Gentleman, I listened to him during his presentations, and I am sorry to tell him, you are way off the mark. Hindi po ninyo tinumbok ang problema. Iniwasan ninyo iyong katagang "corruption." Corruption is the number one problem that you, I and all the rest of the Members of Congress should address today and not create another monster in our system. In our quest for solutions, we may be giving our people a bigger monster to confront. Hindi ito o wala po itong kinalamang personal sa inyo dahil alam kong wala po namang pakinabang kayo sa bisa nitong batas pero kung sino man ang tumulong sa inyo rito ay hindi nakakakita ng katotohanan. Siguro po ay dapat kumonsulta sila sa mga optometrist at saka mga optician para makagamit sila ng tamang salamin, makita nila iyong mga binanggit ko at turuan naman kayo ng tamang sagot.

Hindi po LTFRB ang may sala sa mga sinabi kong mga terminal na naghambalang sa Buendia sa EDSA at iba pang mga lansangan sa Metro Manila, and right now this malpractice is spreading out even in southern Luzon. Kung kayo po ay magbibiyahang papuntang Quezon, makikita ninyo ang mga bagong gawang kongkretong lansangan na pinalapad—from a four-lane avenue, ginawa po nilang walo pero iyong kalahati ng kalsada po ay terminal ng bus. Ganyan po ang nangyayari ngayon. Lalala po iyan kung ang batas na ito ay ating ipapasa.

Therefore, honorable Gentlemen and Ladies, we hope we are able to open up our eyes and senses on the real problems besetting our country. We are imbued with the same patriotic sense, so let us act accordingly. This law should be reverted for further study. If and when I see the word "corruption" written already on our own faces, then I will believe the effectivity of this law. Otherwise, this is a waste of paper, waste of time, waste of the efforts of the Gentleman which could be better put to use in improving the local governments in many parts of the country but definitely, not in solving the traffic mess in Manila, in the National Capital Region or for that matter, Metro Cebu and Metro Davao.

Maraming, maraming salamat po, Mr. Speaker, and thank you for the indulgence of the Gentleman. There is nothing personal between the two of us. I know you mean well but you are wrong 100 percent. Thank you.

REP. SARMIENTO (C.). Well, I respect the observations of the honorable Gentleman from the Party-List BUHAY at sa kanyang pangamba na magkaroon ng corruption in the implementation of the Traffic Crisis Act, pero kung babasahin po nang buong-buo ang Traffic

Crisis Act, doon sa pagbigay ng poder na mag-enter into negotiated procurement, punong-puno rin po ng mga safety nets para maiwasan iyong kanyang kinakatakutan na abusuhin ang poder na ibinigay ng panukalang batas na ito.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Majority Leader is recognized.

REP. PIMENTEL. Mr. Speaker, I move that we recognize the Lady from the ACT Teachers Party-List, Rep. France L. Castro. I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Honorable Rep. France Castro is recognized for her interpellation.

REP. CASTRO (F.L.). Maraming salamat po, Mr. Speaker. Iyong atin po bang kagalang-galang na Sponsor ay willing na tumanggap po ng mga clarification question mula sa Representasyong ito?

REP. SARMIENTO (C.). Puwedeng-puwede po para ma-clarify po iyong mga dapat liwanagin.

REP. CASTRO (F.L.). So, unang-una po, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, ang unang tanong ko po ay may kalaman doon sa public transport, particularly iyong corporatization ng public transport. Una po, doon sa Section 16, ano po ang ibig sabihin natin ng "appropriate capacity to serve the route"? Ano ang mga pamantayan para masabing ang operator ay may appropriate capacity at sa paanong paraan igagawad ang mga prangkisang ito? Ano po iyong mga pamantayan para makonsiderang operator?

REP. SARMIENTO (C.). Sa bagay pong iyan, it has a relation to the so-called Route Rationalization Plan under Section 15 at nakasaad po dito, ang tawag po ay "Route Rationalization Plan for Public Utility Vehicles." Sabi dito:

There shall be established a Route Rationalization Plan for PUVs which shall be submitted to the Joint Congressional Oversight Committee not later than eight months from the effectivity of this Act. It shall include the following minimum components:

a) Procedure for integration of different transportation modes into a unified public transport network

b) Identification of the various primary, secondary, and ancillary routes, with the corresponding determination of the primary and secondary routes' measured capacity based on the passenger demand and the destination of the demand during certain times of the day, with particular focus on traffic rush hours and road size.

Kung titingnan ninyo po sa panukalang batas ay wala naman tayong sinasabi na corporatization. Ang kailangan po para malutas po ang ating problema sa traffic ay magkaroon ng honest-to-goodness route rationalization. Ang ibig pong sabihin, alamin po ang measured capacity ng isang lansangan and having determined iyong measured capacity, ay aalamin kung ano ngayon ang pinaka-akma, appropriate, at the determination of the size, type and number of PUVs, among others, to include—mga malalaki ito dahil mass transport—double-decker bus, articulated bus, mini-bus, jeepney, asian utility vehicle et cetera— and so, ang pinaka-appropriate po sa nasabing rutang iyon, having determined the route's measured capacity.

REP. CASTRO (F.L.). Thank you po. Nabanggit po natin iyong route rationalization. So, sa tatlong metro, iyong Metro Manila, Metro Davao at Metro Cebu, ang DOTr po ba ay mayroon na pong nakahanda o mayroon na po silang route rationalization by this time? Kasi kung ito po ay maaprobahan, mabilis na po ito, iyong sinasabi ninyong, after eight months or six months, route rationalization. Alam ko po na napakatagal na itong napapag-usapan sa ating Committee, sa Committee po ninyo pero hanggang ngayon ay parang wala pang malinaw na sagot iyong ating mga taga-DOTr tungkol doon sa route rationalization, at mayroon pang mga study, mga pag-aaral pa na ginagawa sa UP, Ateneo. So, mayroon na po ba tayong at least man lang draft or mayroon na po ba na route rationalization doon sa tatlong siyudad po na nabanggit natin?

REP. SARMIENTO (C.). Dito po sa panukalang batas ay naatasan ang appropriate agency to conduct the so-called Route Rationalization Plan within eight months from the effectivity of this Act. Trabaho po ng Department of Transportation ang bagay na ito. Ang aking pagkakaintindi, ongoing pa po ang sinasabing Route Rationalization Plan but for purposes of the implementation of this proposed measure identifying Metro Manila, Metro Cebu and Metro Davao, siguro po, wala pa po except “ongoing” ang masasabi ko.

REP. CASTRO (F.L.). So, wala pa po iyong route rationalization. Kasi paano natin matutukoy ito—magkakaroon na dito ng modernization, hindi po ba? Sabi dito, lahat ng mode of transportation—maging ito man ay jeepney, maging ito man ay tricycle o kuliglig, o ano man pa pong uri ng transportation—ay nilalayong i-rationalize iyong route ng mga ito. Ang dami pong maaapektuhan nito, na kung hanggang ngayon po ay hindi pa handa, siguro, mga ilang panahon na lang ay maaaprubahan na ang batas na ito. Kung ganoon po, mayroon po tayong agam-agam para doon sa ating mga maliliit na mga driver, tulad ng mga tricycle drivers, kaugnay nitong route rationalization kasi hindi nila

alam kung sila ba ay mananatili pa or whatever po ang mangyayari sa kanila.

REP. SARMIENTO (C.). Depende po iyan sa pag-aaral ang resulta po ng Route Rationalization Plan. Kung sa tingin ninyo, after the conduct of the Route Rationalization Plan, ay sobra po ang numero ng pampublikong sasakyan, ay pag-iisipan po ng appropriate agency kung ano ang akmang public transportation that will address the problem of traffic. Kung, halimbawa, ay sobra po, definitely, may maaapektuhan pero kung sa pagsusuri po, after conducting the Route Rationalization Plan, ito ay hindi sobra at baka kulang pa, hindi po sila maaapektuhan.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. So, halimbawa po sa tricycle, ang nagre-regulate po nito ay iyong ating mga LGU. Tama po ba?

REP. SARMIENTO (C.). Sa ngayon po ang power na iyan po, originally sa DOTr through LTFRB but na-delegate po sa LGU ang pagbibigay ng power to issue franchise.

REP. CASTRO (F.L.). So, kung maaaprubahan po ang batas na ito, definitely, mapupunta po ang regulation nito doon sa LTFRB at babalik o mawawala na po ito sa ating mga local government units.

REP. SARMIENTO (C.). Depende po iyan sa resulta po ng Route Rationalization Plan, na kung sobra po ang numero ng mga tricycle sa isang ruta ay maaapektuhan po iyan and then mag-iisip po ang appropriate agency kung ano ang malaki-laking sasakyan ang puwedeng bumaybay sa rutang iyon.

REP. CASTRO (F.L.). Mr. Speaker, Mr. Sponsor, hindi na po maiiwasan dito sa modernization plan na nilalayan ng batas na ito, ng panukalang batas na ito, iyong tinatawag natin na pribatisasyon, ang mas lalo pang pribatisasyon ng ating mga public transport at malalaking korporasyon ang magpi-play dito. So, ito po, lilinawin ko lang: nilalayan ba ng batas na ito na isaalang-alang ang public transport sa pribadong sektor at mga malalaking korporasyon?

REP. SARMIENTO (C.). Sa panukalang batas ay wala naman tayong mababasa tungkol sa privatization o mapupunta ito sa mga korporasyon. Basta nilalayan po ng panukalang batas na ito na maiayos ang problema natin sa trapiko by way of really finding out iyong measured capacity ng isang ruta at bigyan ng appropriate public utility vehicle para matugunan ang problema sa trapiko.

REP. CASTRO (F.L.). Mr. Sponsor, ano po iyong

pamantayan? Halimbawa po, kung isang korporasyon po ba, mga kooperatiba lang po ba ang makakapag-avail ng modernization plan na ito sa mga PUJ? So, ano po iyong mga pamantayan para ma-avail iyong financial assistance para sa PUV modernization? Kasi, definitely po, matatanggal na dito iyong indibidwal na mga driver na nagmamay-ari ng kanilang mga jeepney. Tama po ba? So ano po iyong pamantayan para magkaroon po iyong mga maliliit na mga cooperatives o iyong mga nagsama-samang mga jeepney drivers para makabuo sila at maka-avail sila ng Modernization Program o pondo mula dito?

REP. SARMIENTO (C.). Well, kung babasahin po natin ang panukalang batas sa kabuuan, wala ho tayong binabanggit na binibigyan ng prayoridad ang mga private corporation para tugunan ang problema sa trapiko. Ang sinasabi po ng panukalang batas ay alamin ang tunay na kapasidad ng isang ruta at kung ano ang pinaka-appropriate na sasakyan. Halimbawa po, kung ma-determine na sobra-sobra ang bumabaybay na public utility vehicle, definitely, the appropriate agency will have to determine how to address the problem of congestion, kung ano ang puwedeng type of public utility vehicle, with priority to addressing the optimal use of the capacity of that route.

REP. CASTRO (F.L.). Mr. Speaker, Mr. Sponsor, ang katanungan ko po ay iyong para doon sa mga maliliit na mga drivers na gustong mag-avail nitong Modernization Program o financial assistance sa batas na ito. Ano po ba iyong mga minimum requirements o minimum na bagong units? Iyong capacity to avail ng financial assistance, ano po ba ang magkakaroon dito?

REP. SARMIENTO (C.). Sa Section 26 po ng panukalang batas, may nakasaad doon, referring to “Financial Assistance to PUV Modernization”:

The Development Bank of the Philippines shall reserve funds to facilitate the improvement and enhancement of PUVs in the metropolitan areas.

The DBP shall extend financial assistance to existing public transportation operators with valid franchise to enable them to modernize their units. It shall provide financing to qualified applicants at preferred rates and shall report to the JCOC on the funding made available to support the implementation of this section.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. So, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, samakatuwid, wala pa po talaga iyong pinakadetalye, iyong mga qualification kung paano ma-avail ito kasi idi-determine pa po ito noong ating financier, iyong Development Bank of the Philippines. Tama po ba, Mr. Sponsor?

REP. SARMIENTO (C.). Wala pa hong guidelines,

general pa lamang po, iyon po ang sinasabi na ang DBP po ay magbibigay po ng financial assistance sa mga qualified applicants.

REP. CASTRO (F.L.). Noong binubuo po, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, ang panukalang batas na ito, halimbawa po, ang mga PUV franchises, ano po ang naisip ng Committee at ng DOTr para maisip ang ganitong probisyon? Makikipagkompetensiya po ba ang gobyerno sa mga fleet management companies o sa mga corporation na maaaring mag-take over ng mga public transport? Oras ba na ma-take over ang PUV franchise ng gobyerno, puwede ba itong ipasok sa PPP?

REP. SARMIENTO (C.). Well, sa katanungan ninyo, puwede po, as a last resort, na pumasok po ang gobyerno para makatulong po sa pagtugon sa problema ng trapiko.

REP. CASTRO (F.L.). So, posible din po ba dito iyong PPP, Public-Private Partnership, kaugnay noong ating modernization?

REP. SARMIENTO (C.). Well, again, puwede nating masabing puwedeng mangyari, and in lieu of addressing the problem of traffic, the government will resort to that.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. Alam po ninyo, mayroong mga jeepney drivers na nagpapatanong nito, iyon pong mga bagong mga jeepney, siguro, ay mga tatlo o apat na taon pa lang, na maayos pa naman po iyong jeepney, tapos, nagbayad po sila para sa mga prangkisa and so, kung ito po ay maimplementa, ano pong mangyayari doon sa naibayad nila para sa prangkisa, na napakalaki naman, sa LTFRB?

REP. SARMIENTO (C.). Ang ...

REP. CASTRO (F.L.). Ano pong probisyon dito sa panukalang batas na iyan?

REP. SARMIENTO (C.). Well, pagdating po sa sinasabi ninyo pong malaking pagbayad ng prangkisa, kung titingnan ninyo po, if we will require or ask the LTFRB how much is being required by the LTFRB to pay for the franchise, hindi naman ganoon kataasan. Very reasonable ang ibinabayad po para makakuha ng prangkisa. Ngayon, iyong mga jeepney na nasa rutang iyon, if it will be determined that there are more numbers of PUVs plying along that route and there is a need to reduce the number dahil malaki, may mekanismo po dito sa panukalang batas. Iyong maaapektuhan dito ay may mekanismo



sa batas para mabayaran po ang affected owners ng public transport.

REP. CASTRO (F.L.). Thank you, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

Nakakalungkot 'no, kasi sa Section 16, malinaw dito na ire-revoke sa loob ng anim na buwan ang lahat ng mga naibigay na prangkisa sa mga smaller capacity PUVs gaya ng tricycle din at mga pedicab; at depende sa LTFRB, kung maabot sa tuluyang pagkansela sa karamihan sa mga ito. So, nakita natin na malaki, at ang iba diyan ay mga nangutang pa para doon sa kanilang pambayad doon sa prangkisa.

Ironically po, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, ang gagamiting pondo po sa pagpapatupad sa panukalang batas na ito ay ang MVUC Special Vehicle Pollution Control Fund, ang pondo para sana sa regular na rehabilitasyon at pagmentena ng mga PUV, na ginagamit lang ng gobyernong ito, katulad nga ng nabanggit ni Cong. Lito Atienza kanina, iyong korapsyon. Hindi ba puwedeng tumindig ang Sponsor at ang panukalang batas na ito sa panawagan ng ating mga tsuper na rehabilitasyon sa halip na phaseout ng kanilang mga jeepney? Ito po ay panawagan po noong ating mga jeepney driver. Hindi naman po sila against sa modernization. Sino ba naman ang aayaw sa pagda-drive ng magandang jeepney, hindi po ba? So, hindi po ba puwedeng tumindig ang Sponsor para ma-rehabilitate o mabigyan ng aid naman iyong ating kawawang mga driver sa kasalukuyan?

REP. SARMIENTO (C.). Well, ang layunin po ng panukalang batas na ito ay matugunan ang malaking problema natin na kinakaharap at iyan po ang trapiko na nararamdaman po ng lahat. Kailangan po natin, as I have been saying, na after the conduct of the Route Rationalization Plan, after determining the measured capacity and appropriate PUV, gaya ng sinabi ko, kung ang isang ruta ay tama lang po ang numero, hindi po maaapektuhan ang mga existing operators. If, after the conduct of the Route Rationalization Plan ay mapagalaman na sobra-sobra po ang present number of PUVs, ang resulta po ay may maaapektuhan, mababawasan; at bagkus, ang bibigyan po ng pamantayan ng ating pamahalaan is to give preference to PUVs that would accommodate more passengers. Naintindihan po natin ito kaya nga po naglagay po tayo dito ng social support mechanism sa mga maaapektuhan. In the case of those that will be dislocated in the implementation of the measures contained in this proposed measure, some assistance would be given to the affected transport operators.

REP. CASTRO (F.L.). Kaugnay po doon sa trapiko, lahat po tayo ay gusto nating maibsan iyong ating problema doon sa ating trapiko dahil talaga naman na ang ating mga mananakay—ang atin pong mga

manggagawa, mga estudyante, mga empleyado—ay talagang apektadong-apektado dito, at gusto natin naman makadagdag ito sa paggulong ng ating ekonomiya, hindi po ba?

Sa trapiko, bakit po parang ang batas na ito ay nagdidiin masyado doon sa mga pampublikong sasakyan katulad ng mga jeepney, ng mga tricycle? Hindi po ba na maa-address ng batas na ito na kaugnay—o kaya tahimik ang batas po na ito tungkol sa mga pribadong sasakyan naman na mas apat na beses ang laki o dami kung ikukumpara po natin ang mga ito sa dami ng mga bus natin o kaya mga jeepney, hindi po ba? Bakit parang tahimik ang batas na ito kaugnay naman sa pagre-regulate ng ating private cars? Ano po ba iyong ino-offer noong ating batas na ito kaugnay naman sa regulation ng ating private cars?

REP. SARMIENTO (C.). Ang bagay po na iyan ay naitanong na dati ni Representative Tinio and Representative Brosas, kung bakit nakasentro, nakatuon ang panukalang ito sa mga pampublikong sasakyan at bakit hindi po sa mga pribado. Kung tutuusin po, sa ibang bansa ay napakaayos po ng kanilang public transportation kaya po ang mga private car owners, hindi nila dinadala ang sasakyan nila to and from the point of destination and instead, they are using public transportation. Sad to say, iyon po ang problema dito sa ating bayan, na wala tayong sufficient, efficient mass transportation and that is why ang ating mga kababayan ay napipilitang bumili ng sasakyan para makarating sa kanilang paroroonan. If we will be able to put up an efficient mass transportation, then that would be the time that ang ating private vehicle owners would rather choose to ride public transportation.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. So, sana po ma-address—hindi pa po nasasagot iyong tanong ko—iyong regulation naman po doon sa ating private cars.

Anyway, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, naniniwala ako doon sa sinabi ninyo na, lalo na sa mga mauunlad na bansa, kapag maayos ang mass transportation ay less iyong private cars. Totoo po iyan. Sa Netherlands nga, mga bisikleta ang ginagamit, hindi po ba, at naging efficient naman. Alam po ninyo, narinig ko na po iyan. Alam po ninyo, noong ginagawa po iyong MRT 3, narinig ko iyong plano diyan na ang mangyayari ay point to point, na magkakaroon po ng parang parking lot para sa private vehicles, na doon po ipopondo para po iyong ating mga manggagawa, iyong mga empleyado, iyong mga nag-oopisina, ay dadaan na lang ng MRT, tapos, doon sila bababa doon sa kanila pong bababaan.

Maganda po sana iyon pero ano po iyong nangyari pagkalipas ng ilang taon? Nakita na natin iyong kabulukan noong ating mga MRT na hindi naman po na—actually, maganda po iyong naging planong ganoon kaya lang ay hindi napatupad at naipasa sa private sector iyong ating

MRT, sa halip na ito po ay na-nationalize iyong ating public transport na iyan at naayos pa siguro iyong mga maintenance at lahat ng iyan kung hindi naibigay ito sa pamribadong sektor. Iyon po dapat iyong ideal na dapat gawin, hindi po ba, Mr. Speaker, Mr. Sponsor? Dito po ba sa emergency power na ibibigay natin sa ating chief o traffic czar ay puwedeng ma-address iyong ganooon pong konsepto o magawa iyong ganoong pamamaraan?

REP. SARMIENTO (C.). Sa aking pagkakaalam po, ang Department of Transportation ay nag-iisip ng mararaming mga bagay para maibsan ang problema sa trapiko. Nandiyan po ang mga pending projects—iyong pagkakaroon ng mga integrated terminal sa strategic places para mabawasan ang numerong pampublikong sasakyan na bumabaybay sa busy streets like EDSA. Tulad po noong unang ginawa po ang MRT 3, may malaking problema tayo noong 1990s, lalong-lalo na diyan sa EDSA, kaya naisipan ang solusyon, ang pagput up po ng MRT. Maganda po ang layunin and for a while, it was able to address the problem of congestion and it encouraged the free flow of movement of passengers. Kaya lang po, sa tagal na po ng ating MRT system at dahil sa hindi magandang pagpapatakbo, we are now suffering the problem of constant glitches, to the great inconvenience of our passengers.

REP. CASTRO (F.L.). Salamat po. Iyong Section 41 po, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, about Traffic Education, nakalagay po dito: “The DOTr, LTO, LTRFB, DepEd, and TESDA shall jointly develop a program for drivers’ education and for road and pedestrian etiquette education that shall be incorporated as a mandatory subject in the senior high school curriculum.”

So, sa konkreto po, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, puwede ba ninyo akong mabigyan ng idea kung paano po magagawa ang Section 41 na ito? Sa ngayon po, alam po ninyo, as early as grades nine and 10, itinuturo na po iyong automotive, itinuturo na rin po iyong traffic signs at kung anu-ano pa po, pero sa kasamaang palad, sa ating high schools, sa ating mga eskuwelahan, wala rin naman tayong enough resources para ito ay mas maiging maituro sa ating mga estudyante. So, dito po ba ay magkakaroon ng dagdag na pondo, for example, iyong DepEd, iyong ating mga eskuwelahan, para dito?

REP. SARMIENTO (C.). Para maisakatuparan ang planong ito, siyempre, at para maging matagumpay ang programang ito, mangangailangan po ito ng pondo and definitely, this will be funded so that it will be implemented nationwide, particularly sa K to 12 para in the future ay makatutulong po ito sa paghahanap ng mga solusyon sa ating problema sa ngayon sa trapiko.

REP. CASTRO (F.L.). Okay po. Nakalagay po dito kasi, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, mandatory subject

in senior high school curriculum and so, ibig sabihin ngayon, iaayon na ng DepEd at TESDA ang kanilang magiging curriculum para mai-incorporate po itong mga sinasabi natin na may kinalaman doon sa pedestrian etiquette at iba pa pong mga kinakailangan na malaman ng ating mga estudyante.

REP. SARMIENTO (C.). Sa language po ng probisyong ito, it being mandatory and so, it will be compulsory at magiging part of their curriculum sa K to 12. So, pag-uusapan po ito ng concerned agencies to come up with a module that would really be addressing the problem of traffic.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. Last question na po. Dito po sa Section 38, ito lang po, bigla lang po akong na-struck dito dahil gagamitin dito iyong pondo ng GSIS. Alam naman ninyo na ang purpose ng pondo ng GSIS ay para sa proteksiyon po ng mga empleyado ng gobyerno in terms ng pangangailangan sa paglo-loan sa educational needs at medical needs ng kanilang pamilya, sa retirement at iba pa. Nabigla po ako, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, sa Section 38, Protection against Law Suits, proteksiyon laban sa pagbibigay—in terms na magkaroon ng cases. So, nakalagay po dito, babasahin ko ha, and it states:

x x x Public officers involved in the implementation of policies and priority projects covered by this Act shall be insured against litigation by the Government Service Insurance System (GSIS) in the event that the Office of the Solicitor General or the Office of the Government Corporate Counsel is not authorized to represent them. The concerned public officer shall obtain the needed insurance coverage from the GSIS and hire legal counsel, unless the GSIS itself determines that such official has clearly violated the laws.

Bakit po inilagay ang part na ito, ang probisyon na ito, na ang ibig sabihin gagamitin ng batas na ito iyong GSIS fund para sa kung sino man po iyong magpapatupad ng batas na ito, at kung nagkaroon ng problema ay maaari pong bayaran ng GSIS iyong mga insurance at iba pang representation fees na nakasaad dito?

Ano po ba ang ibig sabihin nito, Mr. Speaker, Mr. Sponsor?

REP. SARMIENTO (C.). If the public official, in the performance of his function, in the implementation of the provisions of this proposed measure, a lawsuit is filed against him sa regular performance of his function, there is a need to provide him protection or help from the government. So, the concerned government agency will pay for the required premium to the GSIS because I

understand that it is only the GSIS that offers this kind of program. But the GSIS is not duty-bound or has the right to refuse if in its evaluation the public official sought to be insured has clearly violated the law.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. So, nakalagay po dito, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, hindi lang po insurance dahil “The concerned public officer shall obtain the needed insurance coverage” na babayaran po ng ahensiya, halimbawa po, ng DOTr. Tama po ba ito, Mr. Sponsor?

REP. SARMIENTO (C.). In case of a lawsuit.

REP. CASTRO (F.L.). In case of a lawsuit, nakalagay din po dito, “and hire legal counsel.”

REP. SARMIENTO (C.) Yes.

REP. CASTRO (F.L.). So, ibig sabihin, gagamitin rin po iyong pondo para sa pagha-hire ng ating legal counsel dito? Medyo, iyong Section 38 po, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, ay parang malabo po kasi kapag nabasa po ito ng government employees na gagamitin iyong pondo sa GSIS kaugnay noong mga sigalot, na maaari po o in case na maaari pong maibigay doon sa officer na magpapatupad ng batas na ito, puwede nang ma-access iyong pondo ng GSIS through insurance ang pagha-hire ng legal counsel.

REP. SARMIENTO (C.). Nakasaad po dito sa provision na ito, na in case the Office of the Solicitor General or of the Government Corporate Counsel would not be able to represent the public official in case of a lawsuit as a result of his discharge of duties in the implementation of this proposed measure, definitely, he has to secure the services of a lawyer and that is the purpose of why we have to ask the GSIS, upon payment of the requisite premium, so that he has the necessary funds to answer the charges filed against him.

REP. CASTRO (F.L.). So, malaki-laki pong insurance ito na ia-avail noong mga officers na sinasabi ninyo at sa pagkakaintindi ko po, ang trabaho po ng Solicitor General ay talagang mag-represent doon sa ating officers ng gobyerno na magkakaroon ng legal suit. So, ito po ba, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, hindi ko po nakita kung ano po iyong naging comment ng GSIS kaugnay nito. Naimbitahan po ba natin sa isang Committee hearing ang GSIS kaugnay po nitong Section 38?

REP. SARMIENTO (C.). In the crafting of this proposed measure, we have invited all offices concerned/mentioned in this proposed measure.

REP. CASTRO (F.L.). Including the GSIS, Mr. Sponsor?

REP. SARMIENTO (C.). Yes, but to clarify.

REP. CASTRO (F.L.). So, mayroon po ba silang written comment or reaction man lang dito?

REP. SARMIENTO (C.). The answer is in the positive.

REP. CASTRO (F.L.). Puwede po bang makahingi, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, ang Representasyong ito noong written comment nila, ng GSIS, kaugnay nito bilang isang miyembro ng GSIS na nagbabayad? Alam ba ninyo kung magkano po ang binabayaran natin sa GSIS? Twenty-thousand a month iyong binabayaran natin, at iyong mga maliliit na empleyado, P1,500 a month, at iniipon iyon para sa retirement nila at iba pang pangangailangan. Dahil may concern dito sa pondo ng GSIS, ito po iyong isa sa concerns ko rin na malinawan kung ito po ba ay naging—bakit po nag-positive dito ang GSIS, para matanong ko naman po ang GSIS kaugnay nito, Mr. Sponsor.

REP. SARMIENTO (C.). Yes, we will be giving you a copy of the written comment submitted to us by the GSIS para lang sa kaliwanagan po ng ating kasama na ang bagay na ito ay magko-cover lang po iyong cost of litigation. Now, in case of a decision adverse to the public officer ay hindi na po sagot noon.

REP. CASTRO (F.L.). Okay po pero, siguro po, ang puwedeng mai-amend o puwedeng ma-suggest ng Kinatawang ito ay tanggalin na lang ang Section 38 na ito, kasi malinaw naman sa batas na dapat iyong Solicitor General iyong mag-represent doon sa opisyal natin na magkakaroon ng ganitong problema.

So, ito lang po, Mr. Sponsor, at salamat po sa inyong patience at sa atin pong Speaker, thank you po.

REP. SARMIENTO (C.). Maraming salamat po.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Majority Leader is recognized.

DESIGNATION OF MEMBERS  
TO THE BICAM. CONF. CTTEE.  
ON H.B. NO. 6772 AND S.B. NO. 1444

REP. PIMENTEL. Mr. Speaker, before we recognize the next interpellator, I move that we designate the following as members of the Bicameral Conference Committee on the disagreeing provisions of House Bill No. 6772 and Senate Bill No. 1444, ensuring the preservation and management of protected areas: Reps. Arnel U. Ty, Rodel M. Batocabe, Josephine Ramirez-Sato, Gil “Kabarangay” P. Acosta and Orestes T. Salo. I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Is there

any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Members nominated are so designated.

DESIGNATION OF REP. OLIVAREZ  
TO THE CONF. CTTEE. ON H.B. NO. 6573 AND  
S.B. NO. 1662

REP. PIMENTEL. Mr. Speaker, I move that we designate Rep. Eric L. Olivarez as additional member of the Bicameral Conference Committee on the disagreeing provisions of House Bill No. 6573 and Senate Bill No. 1662, prohibiting hazing and regulating other forms of initiation rites.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Member nominated is so designated.

REP. SARMIENTO (C.). I understand that the Gentleman from Albay would like to ask some questions but may I ask to be excused from entertaining his interpellation until tomorrow.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Majority Leader is recognized.

SUSPENSION OF SESSION

REP. PIMENTEL. I move for a one-minute suspension of the session, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The session is suspended.

*It was 6:02 p.m.*

RESUMPTION OF SESSION

*At 6:02 p.m., the session was resumed.*

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The session is resumed.

SUSPENSION OF CONSIDERATION  
OF H.B. NO. 6425

REP. PIMENTEL. Mr. Speaker, I move that we

suspend the consideration of House Bill No. 6425. I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

SUSPENSION OF SESSION

REP. PIMENTEL. Mr. Speaker, I move for a suspension of the session.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The session is suspended.

*It was 6:03 p.m.*

RESUMPTION OF SESSION

*At 6:04 p.m., the session was resumed.*

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The session is resumed.

REP. PIMENTEL. Mr. Speaker, I move to adjourn the session.

REP. DEFENSOR. Before that, Mr. Speaker, I move that we send the Bills that we approved on Third Reading to the Senate.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Secretariat is directed to send the aforementioned Bills to the Senate.

ADJOURNMENT OF SESSION

REP. PIMENTEL. Mr. Speaker, I move to adjourn the session.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

We adjourn the session until tomorrow, February 21, 2018, at four o'clock in the afternoon.

*It was 6:05 p.m.*